Sa mga magulang/tagapangalaga ng mga mag-aaral sa elementary school (kabilang ang para sa special needs education)

Abril 2026
Lupon ng Edukasyon ng Lungsod ng Kawasaki

# Balita tungkol sa Pananghalian sa Paaralan

## 1. Mga Gastusin Kaugnay ng Pananghalian sa Paaralan

Sa Lungsod ng Kawasaki, alinsunod sa School Lunch Act at iba pang kaugnay na batas, ang mga gastusin para sa mga pasilidad, kagamitan, at tauhan na kinakailangan sa paghahain ng pananghalian sa paaralan ay sinasagot ng pondo ng pamahalaan, habang sagot lamang ng mga magulang at tagapangalaga ang gastusin sa mga sangkap ng pagkain sa pamamagitan ng pagbayad ng gastos para sa pananghalian sa paaralan.

Dahil sa kamakailang pagtaas ng presyo, binago ang halaga ng gastos para sa pananghalian sa paaralan para sa School Year (SY) 2025, ang kauna-unahang rebisyon mula 2018 para sa elementary school at mula 2017 para sa junior high school. Kaugnay nito, para sa SY 2025, ginamit ng lungsod ang Priority Support Local Allocation Grant ng pambansang pamahalaan upang panatilihin ang halagang sagot ng mga magulang at tagapangalaga sa antas bago ang nasabing rebisyon (317 yen bawat meal para sa elementary school; 270 yen ang sagot ng mga magulang at tagapangalaga).

Upang matiyak na mapanatili ang kalidad ng mga pananghalian sa paaralan sa hinaharap, nagpasya kaming suriin taun-taon ang gastos para sa pananghalian sa paaralan mula SY 2026, alinsunod sa pagtaas ng presyo.

**SY 2026: Gastos para sa Pananghalian sa Paaralan**

| Uri ng paaralan | Baitang | Bilang ng pananghalian sa paaralan | Bawat meal | | Buwanang halaga | Taunang halaga |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | SY 2025 | SY 2026 | | |
| Elementary School | Lahat ng baitang | 192 | 317 | 335 | 5,900 | 64,320 |
| School for Special Needs Education | Elementary School | 183 | 317 | 335 | 5,600 | 61,305 |

**Samantala, magsisimula sa SY 2026 ang programang Pangunahing Pagbabawas ng mga Gastos para sa Pananghalian sa Paaralan ng pambansang pamahalaan sa mga elementary school (kabilang ang para sa special needs education). Sa pamamagitan ng paggamit ng Priority Support Local Allocation Grant ng pambansang pamahalaan kasabay ng nasabing programa, hindi na kailangan magbayad ng anumang halaga para sa gastos para sa pananghalian sa paaralan ang mga magulang at tagapangalaga, kahit na may halagang nakasaad sa talahanayan.**

## 2. Tungkol sa Paghinto, Pagbabalik sa Dati, at Pagbabago ng Pananghalian sa Paaralan

Kung "ihihinto (hindi kakain)" o "ibabalik mula sa pagkahinto" ang pagbibigay ng pananghalian sa paaralan, o "babaguhin ang nilalaman ng pananghalian (paghinto ng gatas o pagbibigay ng gatas lamang)," **makipag-ugnayan antimano sa paaralan, at isumite ang "Paunawa para sa Pagbabago ng Pag-uuri ng Gastos para sa Pananghalian sa Paaralan."**

Hindi maningil ng bayad para sa gastos para sa pananghalian sa paaralan sa SY 2026; gayunpaman, upang maiwasan ang pag-order ng hindi kinakailangang sangkap ng pagkain, mangyaring isumite ang angkop na "Paunawa para sa Pagbabago ng Pag-uuri."

### Kung ihihinto ang gatas o ipabibigay ang gatas lamang at iba pa dahil sa allergy sa pagkain atbp.

Kung gagawin ang "paghinto ng pananghalian," "paghinto ng gatas" o "pagbibigay ng gatas lamang" dahil sa allergy sa pagkain atbp., **mangyaring isumite sa paaralan ang "Paunawa para sa Pagbabago ng Pag-uuri ng Gastos para sa Pananghalian sa Paaralan."**

### Kung hindi kakain ng pananghalian nang sunod-sunod na 4 na araw o higit pa dahil sa injury, sakit, mahabang pag-absent atbp.

Kung antimanong alam na hindi kakain ng pananghalian nang **sunod-sunod na 4 na araw o higit pa** dahil sa injury, sakit, mahabang pag-absent, atbp., mangyaring isumite ang "Paunawa para sa Pagbabago ng Pag-uuri ng Gastos para sa Pananghalian sa Paaralan."

### Kung lilipat sa paaralang hindi munisipal na paaralan

Kung lumipat ng tirahan sa labas ng lungsod, lumipat sa pribadong paaralan at iba pa, kakailanganin ang karaniwang palakad ng paglipat sa ibang paaralan, ngunit sa pangkalahatang patakaran ay hindi kailangan ang pagsusumite ng dokumentong nauugnay sa pananghalian sa paaralan.

### Mga dapat tandaan sa pagsumite sa "Paunawa para sa Pagbabago ng Pag-uuri ng Gastos para sa Pananghalian sa Paaralan"

Kahit hindi kayo magsumite ng "Paunawa para sa Pagbabago ng Pag-uuri ng Gastos para sa Pananghalian sa Paaralan," kung ang bata ay tuluy-tuloy na hindi pumasok mula unang araw hanggang huling araw ng buwan (maliban sa Marso at Agosto), ihihinto ang pag-order ng pagkain simula sa unang araw ng buwan na dalawang buwan pagkatapos ng buwan ng kanyang pagliban upang maiwasan ang matagal na pag-order ng hindi kinakailangang sangkap ng pagkain. Kung nais ninyong ibalik mula sa pagkahinto ang pagbigay ng pananghalian sa paaralan pagkatapos noon, kailangan ninyong magsumite ng bagong Paunawa para sa Pagbabago ng Pag-uuri.

**[Para sa mga Katanungan] Tanggapan ng Pagsusulong ng Kalusugan at Pananghalian sa Paaralan, Secretariat ng Lupon ng Edukasyon ng Lungsod ng Kawasaki**

Telepono: 044-200-2539 FAX: 044-200-1810
Email address: 88kyusyoku@city.kawasaki.jp
Website ng lungsod https://www.city.kawasaki.jp/880/page/0000121366.html

Namamahagi ang bawat paaralan ng "Paunawa para sa Pagbabago ng Pag-uuri ng Gastos para sa Pananghalian sa Paaralan." Maaari rin itong i-download sa home page ng Lungsod ng Kawasaki na nakasulat sa itaas.